

CBCP, NANAWAGAN PARA SA BATAS KONTRA POLITICAL DYNASTIES

Nanawagan ang Catholic Bishops' Conference of the Philippines (CBCP) para sa pagpasa ng isang "genuine, meaningful and effective" na batas laban sa political dynasties, ilang araw matapos iutos ng Korte Suprema sa Kongreso na tuparin ang mandato nito sa ilalim ng 1987 Constitution.

Sa pastoral statement na nilagdaan ni CBCP president Archbishop Gilbert Garcera noong Setyembre 25, sinabi ng mga obispo na ang usapin ng political dynasties ay may kinalaman hindi lamang sa pulitika kundi maging sa dignidad ng tao, katarungan, pagkakapantay-pantay at common good.

Suportado rin ng CBCP ang "Dapat Isa Lang," isang citizens' initiative na naglalayong maisulong ang pagbabawal sa political dynasties na itinatadhana ng Konstitusyon.

Ayon sa mga obispo, ang naturang inisyatiba ay isang mapayapa at legal na paraan para makilahok ang mga mamamayan sa pagsusulong ng constitutional mandate.

Nakatakda ang usapin ng anti-political dynasty law sa Kongreso matapos magpasya ang Korte Suprema noong Agosto 26, na inilabas sa publiko noong Setyembre 16, na may mandatory constitutional duty ang Kongreso na magpasa ng batas na nagbabawal sa political dynasties. Sinabi ng korte na ang 39-taóng kabiguan na magpatupad ng naturang batas ay umabot sa grave abuse of discretion.

Nakasaad sa Article II, Section 26 ng 1987 Constitution na dapat tiyakin ng Estado ang pantay na access sa mga oportunidad sa public service at ipagbawal ang political dynasties "as may be defined by law."

Nilinaw naman ng Korte Suprema na nasa Kongreso ang kapangyarihang tukuyin kung ano ang political dynasty at kung ano ang magiging saklaw ng pagbabawal. Hindi nito itinakda kung ano mismo ang magiging laman ng batas.

Samantala, sinabi ng House of Representatives na nakapasa na ito sa sariling bersyon ng panukala. Ipinasa sa third and final reading ang House Bill No. 8389 o proposed Anti-Political Dynasty Act noong Hunyo 3, sa botong 267-20, na may pitong abstention. Naipadala ito sa Senado noong Hunyo 8.

May sariling bersyon din ang Senado, Senate Bill No. 1901, na nasa second-reading stage.

Sa bersyon ng Kamara, kabilang sa mga saklaw ng pagbabawal ang mag-asawa at mga kamag-anak hanggang second degree of consanguinity o affinity sa ilang sitwasyong may kinalaman sa sabay o magkakasunod na paghawak ng elective positions.

Samantala, ang "Dapat Isa Lang" initiative ay nagmumungkahi ng limitasyon na isang national at isang local elected position lamang para sa isang political family, pagbabawal sa sabay na

paghawak ng posisyon ng mga kamag-anak hanggang fourth degree, pagbabawal sa succession o pagpapalitan ng posisyon, at isang one-term cooling-off period.

Hinimok naman ng CBCP ang mga diyosesis, parokya, Catholic schools and universities, religious communities at lay groups na tulungan ang publiko na maunawaan ang naturang inisyatiba at makilahok nang responsable.

Kasabay nito, nanawagan ang mga obispo na iwasan ang misinformation, pamimilit, vote-buying, intimidation at iba pang anyo ng political pressure habang nagpapasya ang mga mamamayan kaugnay ng panukala.

Hindi pa malinaw kung magiging pareho ang magiging final provisions ng panukalang batas at ng “Dapat Isa Lang” initiative, dahil nasa Kongreso pa rin ang kapangyarihang magtakda ng depinisyon, saklaw at iba pang probisyon ng anti-political dynasty law. (CBCP News)